

1

Fine! Sabihin nang kasintaas ng mga puno ng niyog sa bayan ng San Luis ang pride ni Attorney EJ Cervantes pero determinado siyang hinding-hindi makikipaglapit sa ex-girlfriend na si Chesca.

Nunca.

Hindi lang basta pride niya ang niyurakan ng dating nobya noon—kasama pati ang ego niya at lalong-lalo na ang kanyang puso.

Minahal ni EJ nang lubos si Chesca na anupa't wala itong hiniling na hindi niya ibinigay. Matapos siyang maging knight para sa damsel na iyon na tila parating in distress ay nabigo pa rin siya. He even risked his life and future for her, to no avail. Tinalikuran pa rin siya ni Chesca. At ginawa nito iyon noong nasa kulungan siya dahil inako niya ang paratang na dapat sana ay para sa babae.

At ngayon, makalipas ang sampung taon, matapos niyang malampasan ang kontrobersyal nilang paghihiwalay na halos ikabaliw niya ay pinakikiusapan siya ng pinsang si Renzo na lumapit at humingi ng tulong kay Chesca.

Hindi niya kayang pahindian ang pinsan na best friend din niya. Pero lalo yatang hindi niya gustong humingi ng tulong sa kinamumuhiang ex-girlfriend.

Of all people, bakit kay Chesca pa? Ilang beses na niyang tahasang tinanggihan ang alok na pagtulong ng babae sa kandidatura niya.

“All right, I’ll see what I can do,” matabang na sagot ni EJ sa pinsan. “Hindi lang naman siguro si Chesca ang wedding consultant sa San Luis. Wala na bang iba?”

“I heard she’s the best in San Luis. At iyon ang gusto ko para sa kasal ko, EJ,” giit ni Renzo.

“Sige na!” ani EJ na may bahid ng pagkayamot. Mukhang kinakatigan ng pagkakataon ang magandang dalaga. Kaninong santo kaya ito namanata at mukhang itinutulak siya palapit dito? Muli siyang humugot ng malalim na buntong-hininga. “Ano ba kasing trip iyang naisipan mo at biglang-bigla ay naisipan mong magpakasal? Sumabay ka na sana sa kasal ni Tito Eds kanina. Gabing-gabi na...”

Sapo ng pinsan ang noo nang sumagot. “You’ve been in love before, EJ. I’m sure naiintindihan mo ako.”

At kailangan pa talagang ipaalala ’yon ng

magaling na lalaking 'to!

Sigurado siyang ang tinutukoy nito ay iyong panahong desidido siyang gawin kahit ano just to have the woman he loved back in his life. Iyong panahong maging ang sarili niyang ina ay handa niyang suwayin.

Si Renzo ang nag-iisang taong umunawa sa kanya noong mga panahong iyon. Tinulungan siya nitong maging praktikal. Renzo was his confidant back when he was still mending his broken heart.

Ngayon, dahil si Renzo naman ang napipintong hiwalayan ng nobya nitong social worker, surprise wedding ang naisip nitong solusyon. Sa kasalan na iyon nakasalalay ang kaligayahan ng pinsan. Subalit ang kasalan din yata na iyon ang pupuwersa sa kanya na lumapit kay Chesca.

“Of course, naiintindihan kita, Renzo.” Marahan niyang tinapik ang balikat nito bilang suporta. “Kung marunong lang akong mag-decorate ng venue, ako na mismo ang gagawa, Bro. The least I can do is to get the best wedding planner in town for you.”

“Thank you, Bro. Sabi nga pala ni Chesca, basta ikaw ang lalapit, she’ll take the job,” sagot ng pinsan.

There, hindi pa rin talaga nagbabago ang dalaga.

What she wants, she'll get by any means necessary.

“Gagawin ko ang magagawa ko. Pero I’m not promising anything.”

“Pangako, tutulungan kita sa candidacy mo,” anito.

Of course he was going to help Renzo, kahit hindi pa nito suportahan ang pagtakbo niya sa eleksyon. Gasino na lang ba ang lumunok siya ng kaunting pride para sa tao na malaki ang naitulong para makapag-move on siya?

Naalala niyang maging si Chesca ay nag-aalok ng tulong para sa candidacy niya. Ano ba ang mawawala kung tatanggapin niya iyon? Sigurado naman siyang kapag nahirapan ang spoiled brat niyang ex sa pangangampanya ay ito na mismo ang kusang magba-backout.

At pahihirapan ko talaga siya para mas mapaaga ang pagku-quit niya.

Sinulyapan muna ni EJ ang orasang pambisig bago kinuha ang calling card na iniaabot ni Renzo. It was past eleven in the evening.

Francesca S. Figueroa

Wedding Organizer

Iyon ang nakasulat sa card, kasama ang mga numero nito. Kahit paano, natutuwa siya at tila nagkaroon ang ex-girlfriend ng sense of responsibility. Hindi niya akalain na ang estudyanteng beauty conscious at mahilig sa lakwatsa ay magiging manager ng hindi lang isa kundi dalawang magkaibang negosyo. Sa pagkakaalam niya ay may bakeshop branches itong pinangangasiwaan.

Laking pasalamat niya nang agad na may sumagot sa kabilang linya.

“Thank you for calling *Elegancia*. How may I help you?” anang malamyos na tinig ng isang babae. Malambing ang boses, tila may mahikang mapasunod ang sinuman sa anumang hingin nito.

He tried to ignore its effect on him. “Hi, Chesca. EJ here. I need a favor. Think you can help?” deretso niyang tanong.

“Hi, EJ! I’d love to, but it’s almost midnight. Sarado na ang opisina at mahimbing nang natutulog ang mga tauhan ko. You may visit us tomorrow anytime during the day.”

Hindi niya inaasahan ang sagot nito. Ang akala niya ay magkakandarapa itong paluguran ang ‘pabor’

na hinihingi niya.

Ang mga babae talaga, ang hirap ispelingin at pakibagayan kung minsan.

Gusto niyang mayamot sa kausap pero hahayaan muna niyang makapuntos ito sa ngayon, alang-alang sa kasal ni Renzo. Isang malalim na paghinga ang pinakawalan ni EJ tanda ng pagsuko bago nagsalitang muli.

“Okay. How about a deal, Miss Figueroa?” Mas mabuting sa kanya na manggaling ang first move dahil nararamdaman niyang mayamaya lang ay may isusuhestiyon na itong si Chesca. Kapag naunahan siya ay magmumukha na naman siyang sunud-sunuran. At mahirap para sa kanya na tanggapin iyon. “Accept this job offer and I’ll accept your *heartfelt* proposal.” May sarcasm sa pagkabanggit niya ng *heartfelt*.

“Okay, EJ. You’ll have my answer tomorrow morning.”

Damn! Hindi niya talaga gusto ang ginagawa nito. Nagbago lang kaya ito ng taktika? O baka naman tuluyan nang nagbago ang isip nito?

Isang buwan pa lamang ang nakakalipas mula nang sadyain siya ng mag-asawang Figueroa—mga magulang ni Chesca—sa law firm na pinapasukan

niya. Nag-alok ang mag-asawa ng tulong para sa nalalapit niyang kandidatura. He politely declined the offer.

After a week ay solo siyang pinuntahan ni Chesca, almost begging him to accept the said offer—palubag-loob umano sa hindi nila magandang paghihiwalay noon. Again, he declined the offer, but in a not-so-polite manner.

Para sa kanya ay hindi na kailangan ang pampalubag-loob. Nagkasundo at nagkaunawaan na ang mga pamilya nila noon matapos maayos ang gusot na kinasuungan nila ni Chesca. Ang hindi lang naayos ay ang lamat sa relasyon nilang magkasintahan na naging sanhi ng paghihiwalay nila ng landas.

Nakita niyang parang maiiyak si Chesca noong halos balewalain niya ang presensya nito sa opisina niya. Hindi ito sanay ng pinahihindian.

That moment, he felt quite pleased that he was able to inflict that kind of torment upon the woman that broke his heart once.

Narinig niyang nagpapaalam na ang babae sa kabilang linya.

“Wait, Chesca. I’ll be there in thirty minutes to discuss this matter in person,” pigil ni EJ. Hindi siya

papayag na tanggihan siya nito.

“I’m dead tired, EJ. Better make it ten.” Iyon lang at agad na itong nawala sa linya.

“Ano’ng sinabi?” agad na tanong ni Renzo. “Pumayag ba?”

“Daig pa ang asawa kung makapag-demand,” nakasimangot niyang tugon. “Pinapupunta ako ora mismo. Renzo, this wedding of yours is as expensive as my pride,” dagdag-reklamo niya.

He got his car keys. Hindi niya alam kung bakit nae- excite siya sa ideya na makikipagkita siya sa ex-lover niya sa dis-oras ng gabi. At natutuwa siyang isipin na naghihintay ito sa kanya.

“Eleven minutes and forty-eight seconds. You’re lucky I haven’t left the premises yet, Attorney Cervantes,” mapakla ang ngiting salubong kay EJ ng wedding organizer. “Pasalamat ka’t nandito pa kami. Please have a seat. Uhm, coffee?”

Hindi aware si EJ kung gumanti ba siya ng ngiti kay Chesca. Ang gusto niya ay panatilihing walang emosyon at malamig na pakikitungo rito. Pero hindi niya ganap na magawang ignorahin ang karisma

ng magandang dilag na kaharap. May pakiramdam siyang pinaghandaan nito ang pagdating niya at sadyang nagpaganda para akitin siya.

At naakit ka naman! tudyong isang bahagi ng isipan ng binata.

Bahagya niyang ipinilig ang ulo upang alisin ang atensyon sa mapupulang labi ng babae. Pasimple niyang hinagod ng tingin ang kabuuan nito. Aminado siyang walang anumang maipipintas doon. Maaaring maghapon itong nagtrabaho pero hanggang ngayon ay maayos pa rin ang buhok at makeup. Simple lang ang tabas ng suot nitong bestida subalit humahakab ang tela sa magandang hubog ng katawan ni Chesca at bumagay pa ang mapusyaw na kulay rosas ng damit sa maputi at makinis na kutis ng dalaga.

“No thanks. Hindi naman ako magtatagal. It’s about Renzo’s wedding.”

“Straight to the point and very formal, EJ,” natatawang komento ni Chesca. “Wala ka naman sa court room. Don’t tell me na ’yang malamig na pakitungong ’yan ang ihaharap mo sa mga tao kapag nangangampanya ka na?”

“The wedding, Chesca. Iyon ang pag-uusapan natin kaya ako napasugod dito. Don’t change the

subject.”

Ganito siya kapag nasa korte, he would manipulate the conversation as much as possible, all to his advantage.

“I don’t remember accepting the job yet. Oh, wait... did you presume that we already have a deal just because you’re here?” At umismid ito.

May bahid ng iritasyon siyang sumagot. “Don’t push me, Chesca. Pinapunta mo ako nang ganitong oras para lang sabihin na hindi mo tatanggapin ang project? Sa akala mo ba, hanggang ngayon kaya mo pa rin akong paikut-ikutin sa palad mo?”

“Siyempre hindi. Lawyer ka, matalino, sensible. At hindi ko rin nakakalimutan na kung hindi dahil sa ’yo, baka hindi ako nakatapos sa high school sa dami ng bagsak kong subject. So—”

“Hindi ang topic na ’yan ang dapat nating pinag-uusapan. I did not come here for a chit-chat,” he reminded her. EJ was trying to fight the urge to stare at the girl.

“Pero ikaw ang nagpilit na pumunta dito, right?” sarkastiko pero malambing na balik ni Chesca.

Damn you, Chesca! Ba’t ba napapaikot mo pa rin

ako ng ganito?

Agad siyang nag-isip ng paraan kung paano maipapanalo ang kaso. May mga bagay na nadadaan sa deretsong usapan at mayroon din namang sa maligoy na paraan. Kailangang baguhin ang atake.

“Tama ka.” Bumuntong-hininga si EJ para mas maging kapani-paniwala ang pagpapahinuhod. Ipinamulsa niya ang kaliwang kamay habang inihahawak sa jawline ang isa pa, ngumiti at pagkatapos ay inulit ang nauna na niyang pahayag. “I did not come here for a chit-chat...” He paused to assess if his charm would still work on Chesca like how hers was working on him. “...or for a cup of coffee without *Clementine’s* signature buko pie.”

“Seryoso ka ba?” di-makapaniwalang reaksiyon ng dalaga.

This was the we-are-friends-not-enemies tactic na ginagamit niya para makuha ang loob ng katunggali. Ngayon na ang pagkakataon niyang mapasayaw si Chesca sa bawat kapritso niya. Naaaliw niyang pinagmasdan ang confusion sa mga mata nito.

Minsan na siyang naging sunud-sunuran dito at hindi na iyon dapat maulit.

“Enrique Jose!” bulyaw ni Mercedes sa anak. “Dios mio, Hijo! Anong kahibangan iyang ginagawa mo?”

Naabutan ng ginang ang binata na sapilitang bumabangon sa hospital bed at tinatanggal ang sariling dextrose.

“Kaya ko na ang sarili ko, Ma. Lalabas na ako ng hospital.”

“No! Sariwa pa ang sugat mo baka magdugo pa ’yan.” Agad tumawag ng saklolo ang ina para pigilan ang anak. “Magpahinga ka muna ng ilang araw.”

“Ma, kailangan ko nang makalabas. Kailangan naming mag-usap ni Chesca. Hindi ako naniniwalang basta-basta na lang siyang makikipag-break sa akin. I’m sure she’s hiding something.”

“Chesca, Chesca, Chesca! Tinalikuran ka na nga ng babaeng ’yon, siya pa rin ang iniisip mo. Bakit ba hindi mo matanggap na hindi ka niya totoong mahal?”

“She loves me.”

“She loves herself, Son. That’s the simple truth. At para makaiwas sa iskandalong dulot din ng sarili niyang kalokohan, papunta na siya ng Australia para doon magtago. At ikaw na umako ng kasalanan niya, hahayaang mag-isang mabulok sa bilangguan! That’s

how she loves you? Mag-isip ka naman, Anak.”

Masakit para kay Mercedes na mas pinaniniwalaan pa ng nag-iisang anak ang nobya kaysa sa kanya na sarili nitong ina. Nangako ang ginang na hinding-hindi makikialam sa personal na buhay ni EJ—lalo na sa buhay pag-ibig—pero sisirain niya ang sariling pangako dahil kinabukasan na ng anak ang nakataya.

Mula sa mayaman at mabuting pamilya ang nobya ng anak, pero lately ay napagtanto niyang walang buting maidudulot si Chesca kay EJ.

Mataas ang pangarap nila para sa kanyang anak. Nais ng ama ni Mercedes—ang lolo ng binata—na balang araw ay maging alkalde ng bayan nila si EJ. Pero unti-unting nasisira ng relasyon nito kay Chesca ang magandang reputasyon ng pamilya nila.

Inako nito ang drogang nakuha ng mga pulis sa bag ni Chesca. At habang pinagbabayaran ni EJ ang kasalanan ng nobya, aksidente itong nasaksak nang magkaroon ng riot sa loob ng piitan.

Bahagyang nakahinga si Mercedes nang dumating ang dalawang nurse para sumaklolo.

Tinurukan ng nurse ng mild sedative si EJ.

Habang may malay pa ang anak ay sinamantala

niyang pagsabihan ito. “Chesca’s not fit to be your better half. Gusto mo bang isa-isahin ko sa ’yo ang mga rason?”

“Ma, don’t,” saad nito.

“Kailangan mong marinig para ma-realize mo,” muli ay singhal niya. “Natalo ka sa SK election noon dahil sa kanya. Muntik ka nang hindi makapag-take ng entrance exam sa Law dahil din sa kanya. She’s a bad influence at ang matindi sa lahat—”

“She’s not an addict, Mama. Alam kong kinausap n’yo si Chesca para layuan ako.” Halos pikit na ang mga mata ni EJ nang sabihin iyon.

“Oo, hindi ko ikakaila ’yan. Pero para lamang subukin siya. And to tell you, Son, I’m glad that she failed. Kung talagang mahal ka niya, she’ll fight for you. Pero hindi iyon ang nangyari. Move on with your life, EJ.”

2

“Ma’am, si Doc ba ’yung bisita mo?” may himig panunudyong tanong ni Leiden na executive assistant ni Chesca. Ang doktor na tinutukoy nito ay ang nobyo niyang si Dr. Stephen Cruz na naka-base sa Australia.

“Hindi. Bakit?” Puzzled niyang nilingon ang EA mula sa pagre-retouch ng makeup.

“Wala naman, naitanong lang...” At pasimple nitong in-assess ang amo na animo may dadaluhang party gayong isang kliyente lang naman ang magiging bisita. “Ise-serve ko na po ba itong buko pie at coffee?”

“No. Ako na lang ang gagawa n’yan mamaya.” Pinasadahan ni Chesca ng tingin ang sarili sa vanity mirror at nang masiyahan ay nagwisik ng lady’s cologne sa magkabilang pupulsuhan. “Leiden, here’s my cellphone. Mag-sound trip ka, games, call, kahit ano basta huwag mo lang akong iiwan, ha. Promise, uuwi na tayo agad ma-close ko lang ang deal kay Attorney.”

“Akala ko ba, Ma’am, okay na. Nagse-set—”

“Shh... Naku, Leiden Valdez, hindi kita babayaran ng overtime pay kapag napurnada ang deal na ’to,”

biro niya.

Minsan pa niyang tinikman ang lasa ng kape. Confident siya sa buko pie dahil gawa iyon ng future hipag niya na isang magaling na pastry chef. Kailangang magustuhan ni EJ ang merienda para tumagal ang usapan nila. This was Chesca's last chance to persuade the pigheaded lawyer to accept her family's support for his candidacy.

Hindi iyon paghuhugas-kamay. Thank you gift iyon sa naging kabutihan ni EJ noon. Gusto niyang maging maayos ang 'closure' ng hindi kagandahang kabanata sa buhay nila—para sa ikapapanatag ng lahat. Gagawin niya ang buong makakaya tatal siya naman ang puno at dulo ng kaguluhan.

“Sorry to keep you waiting.” Inilapag niya sa center table ang silver tray na naglalaman ng merienda. “Ginising ko pa ang EA ko para magtimpla ng kape. I hope it's to your taste.”

“Thank you.”

Naging awkward ang kasunod na sandali. Lahat ng ni-rehearse niyang linya ay nagsasalimbayan lang sa isip niya at hindi malaman ng dalaga kung ano ang unang sasabihin sa bisita. Should she say her apologies right away or should she open up the topic

about his candidacy? Pero siguro mas maganda kung kukumustahin muna niya ito like an old acquaintance.

Awkward pa rin. Kumusta, eh, ilang beses na kaming nag-meet? Parang tanga lang...

“I should commend your EA for the coffee and your chef for this delicious pie,” papuri ng binata.

Mabuti na lang at nagsalita ito.

“I’m glad you liked it. Magaling talagang mag-bake si Kim. Siya na ang magma-manage ng bakeshop branches namin. Sa mommy ko naman maiiwan ang *Elegancia* kapag nag-migrate na ako sa Australia.”

Elegancia ang pangalan ng wedding shop niya.

“Masuwerte ang boyfriend mo,” sinserong komento ni EJ. “Willing kang i-give up ang mga pinaghirapan mo para sa kanya.”

She saw some sadness in her ex-lover’s eyes. Or was it just her imagination? Maaari rin namang paninibugho ang nakita niya dahil ang pagsasakripisyo ang hindi niya naibigay o nagawa para rito noong magkasintahan pa sila.

“How did you know about him?” aniya sa halip sa katigan pa ang opinyon nito.

Nagkibit-balikat ang abogado. “We live in a small town, Francesca. Magkakakilala ang lahat. But to answer your question, ’yung mayordoma ninyo na dating schoolmate ni Mama, siya ang nagkuwento. ’Tas kinumpirma ng mom mo sa mother ko nang minsang magkasama sila sa isang event.”

“I see. I hope hindi na dinetalye ni Mommy ang lovelife ko.” Pinilit niyang ngumiti at pagkuwa’y tinangkang ibaling ang usapan sa buhay ni EJ. “Ikaw? I heard single ka pa rin.”

“That’s true,” sagot nito.

“Is it because hindi mo pa rin nahahanap ang *the one*?” Iyon ang klasikong alibi ng mga ayaw pang magpatali sa matrimonya ng kasal.

“Siguro. Naniniwala kasi akong mas magandang investment ang career kaysa sa babae.”

Aray! Sinabi iyon ni EJ na deretsong nakatingin sa kanya. Siya kaya ang pinatutungkulan nito? Kung ang pagbabasehan niya ay kung paano siya inalagaan noon ng binata, malabong lumabas sa bibig ni EJ ang sinasabi nito. Siya bilang nobya ang priority nito at secondary lang ang sarili.

“Anyway, kayo, when are you going to tie the knot?” Si EJ uli.

As soon as mapagaan ko ang konsyensya ko sa nangyari sa atin, EJ. Kailangan kong maramdaman na okay na ang lahat bago ko maibigay nang buong-buo ang sarili ko kay Stephen.

“This year sana. Ang kaso nakipag-unahan ang Kuya Gerard. Ilang buwan na lang at ikakasal na sila. Natatakot yatang maagaw pa ng iba si Kim.”

“And speaking of kasal, puwede na ba nating pag-usapan ang kasal ni Renzo?” matakting lihis ni EJ.

Sinasabi na nga ba ni Chesca at hindi talaga interesado sa kung anong balita sa buhay niya ang binata. Nagtanung-tanong lang ito para mailigoy sa tunay na pakay ang usapan.

Lawyer si EJ. Matakting at mapamaraan. Hindi siya mananalo rito kaya dapat gamitin niyang mabuti ang kaisa-isang alas.

Dahil pag nakuha mo na ang gusto mo, alam kong hindi na naman ako mag-e-exist sa paningin mo. Hindi mo na naman ako kakausapin nang maayos.

“Uhm, Attorney, can we talk about something else first?” lakas-loob niyang tanong.

Bahala na.

Nakita niya ang pagsasalubong ng mga kilay ng

binata.

“What else is there to talk about?” Hindi na nito maitago ang iritasyon sa tinig.

“The long buried but unforgotten issue. Gusto kong pag-usapan natin ito, maging maayos ang lahat and I want to say my much delayed apology personally—”

“So are you trying to say na hindi mo tatanggapin ang project hangga’t hindi ko sinasabing napatawad na kita? Okay, you are forgiven.”

Hindi na niya kailangang sabihing wala siyang madamang sinseridad sa sinabi ni EJ at alam niyang sinasadya nitong maging robotic at insincere ang pananalita.

Naiintindihan niya. “Can’t you be a little more considerate than that? Konting oras lang naman ang hinihingi ko.”

“Fine.” Tumingin ito sa wristwatch. “Siguraduhin mo lang na may oras pa akong humanap ng ibang wedding organizer kung sakaling pinaaasa mo lang ako sa wala at sa bandang huli ay ilalaglag mo rin. You know me, Francesca, I hate being played for a fool. At para ito kay Renzo.”

Parang piniga ang puso ni Chesca sa binitawang salita ni EJ. Habang buhay na talaga siyang hindi mapapatawad ng binata at habang buhay nang hindi magbabago ang pagkilala nito sa kanya—manloloko, selfish, at hindi marunong magmahal.

He was wrong. She might be selfish sometimes, pero marunong siyang magmahal.

“Grabe ka naman. Akala ko ba hindi judgmental ang mga lawyers? Nasaktan ako d’un, ha,” birong totoo niya. “At sino ba ang may gusto na pinagmumukhang tanga? Hindi ko gagawin ’yun, promise.”

“Paano kung ’yun mismo ang gawin mo?”

“Parusahan mo ’ko kahit paano mo gusto. O baka naman gusto mo pang gawing black and white ang kasunduan?”

“Parusahan ka kahit paano ko gusto, huh? Puwes, ’yan talaga ang gagawin ko!” bubulung-bulong na sabi ni EJ. Nanggagalaiting pinindot ng binata ang call end button ng kanyang cellphone at matalim ang tingin na ipinukol kay Chesca.

Nakatayo ang dalaga sa kabilang bahagi ng opisina. Mahigit labinlimang minuto na nitong

kausap ang nobyong nag-overseas call.

Sa pagitan ng mga sandaling iyon ay naisipan niyang tawagan si Renzo, siniguro rito na pumayag na si Chesca na i-organize and super rush wedding ni Renzo.

Halos beinte-cuatro oras na siyang gising at walang pahinga dahil katatapos din lang ng kasal ng kanilang tiyuhin at bukod doon ay may high profile case silang pinagpupuyatan sa law firm. At bilang karagdang torment ay napilitan siyang sakyan ang kapritso ni Chesca. Dapat sana sa mga oras na ito ay nagpapahinga na siya subalit heto at kasalukuyang nasa bargaining agreement sila—or so he thought.

“Ginawa n’ya akong gago!” mahina niyang satsat.

Naisuklay niya ang mga daliri sa buhok sabay masahe sa ulo tanda ng pagpipigil ng matinding galit.

Imagine, pagod at puyat siya pero sinusubukan pa rin niyang maipanalo ang negosasyong ito. Iyon pala ay wala nang dapat pag-uusap na nagaganap dahil plantsado na ang lahat. Full force na pala ngayong sandaling ito ang team ng *Elegancia* sa napiling venue ng kasalan at baka nga patapos na ang arrangements na ginagawa roon.

Kung hindi pa niya tinawagan ang pinsan ay hindi

niya malalaman ang totoo. Na request—kapritso lang talaga ni Chesca na makita siya. Ilang oras pa ba siyang balak paglaruan ng babae?

Makikita ng bratinella ang hinahanap nito.

Wait for your punishment, my princess...

Sa ilang dipang distansya sa pagitan nila ng dating nobya ay pinagsawa niya ang sariling pakatitigan ito. Hindi na siya magsisinungaling sa sarili. Inaamin niyang kaakit-akit pa rin ang dating ni Chesca sa kanya. Sa pagdaan ng panahon ay lalo itong gumanda, naging sopistikada. Nagkaroon ng senswalidad ang mayumi nitong kilos.

EJ was mentally undressing the oblivious lady. He didn't have to guess how her glorious body would look like naked, or how it would feel beneath his hands. He knew it by heart. He had seen, touched and tasted all of her—kaya nga lubha niyang kinabaliwan ang dating kasintahan.

Hindi niya inaasahan ang dagling pag-iinit ng katawan sa simpleng pagkaalala lamang sa matatamis na sandaling pinagsaluhan nila noon. They were both young back then—agresibo, mainit ang dugo. But he knew that it was not mere sex. All that happened between them was an act of love and desire.

And speaking of desire, heat was creeping slowly along his veins. Tinangka niyang ignorahin iyon sa pamamagitan ng pag-inom sa natitira pang kape sa tasa. Subalit naroon pa rin ang pamilyar na pakiramdam. Sinubukan niyang isaksak sa isip na katatapos lang siyang gaguhin ng dalaga—para magalit siya at mapawi ang pagnanasang nadarama ukol dito—pero walang epekto. Tumayo na lang siya at nagpalakad-lakad para libangin ang sarili.

“EJ...” Tinig iyon ni Chesca na tinakpan lamang ang mouthpiece ng telepono. Marahil ay napuna nitong bored na siya. “...just five more minutes, promise.”

Tinanguan lamang niya ito. Saglit lang at nakaisip siya ng kapilyuhan.

“Take your time, *Sweetheart*.” Sinadya ni EJ na i-delay ang pagsagot, saktong naalis na ni Chesca ang kamay sa mouthpiece, para marinig ng nasa kabila ang boses niya. He suppressed a triumphant grin when he heard Chesca’s defensive explanation to her boyfriend. Hindi rin nakaligtas sa paningin niya ang pamumula ng mga pisngi nito.

“That was the client talking to his bride-to-be, Stephen, not to me. Kung wala ka nang ibang sasabihin, ituloy na lang natin ang pag-uusap

mamaya pag-alis ng mga kliyente ko o mabuti pa, tatawagan kita bukas.”

Malinaw niyang naririnig ang lahat dahil lumapit na siya sa kinaroroonan ng dalaga na labis na nagtataka sa ikinikilos niya. He tapped her on the shoulder nang ingusan lamang siya nito. Nang muling lumingon ang dalaga ay kinabig niya ito. Her sweet scent filled his nostrils, fueling up his desire.

Namilog ang mga mata nito sa ginawa niya. “I really have to go, Stephen.” Muli ay tinakpan ni Chesca ang mouthpiece at paanas siyang tinanong. “Ano sa palagay mo ang ginagawa mo, EJ? Kausap ko ang boyfriend ko. Lumayo ka nga.”

“Ako ang kausap mo kanina bago pa siya tumawag. Hindi ba unfair na basta mo ’ko iniwan para makipag-telebabad sa kanya?” Mula sa balikat ay bumaba ang kamay niya sa balingkinitan nitong baywang. Ah, his hand seemed to want to trace a delightfully familiar path.

“Saglit.” Bahagya itong umisod palayo sa kanya na waring napapaso. “I’ll just say ’bye to Stephen properly, and then we’ll discuss Renzo’s wedding.”

“Say goodbye *now*,” maawtoridad niyang utos sabay haklit sa baywang ng dalaga.

Napilitan itong ibaba ang telepono.

The moment their warm bodies touched, something inside them ignited.

“EJ, tigilan mo nga ’to! What makes you think you still have the right to do this, huh? Bitiwan mo na ako at pag-usapan na natin ang kasal ni Renzo—”

“Shut up! Alam mong na-settle na ang bagay na ’yan pero as usual, pinagmukha mo ’kong tanga.”

Walang babalang sinibasib niya ng halik ang matatamis na labi ng dalaga. Nanlalaban ito pero walang bisa ang lakas nito kumpara sa kanya. He wrapped his arms around her delicate body, tight enough to feel the harsh beating of her heart and the softness of her breasts against his hard chest.

I missed you so, Tsarevna...

3

Pakiramdam ni Chesca ay kaiidlip pa lamang niya nang marinig ang marahang pagkatok sa pinto ng kanyang kuwarto. Hindi niya iyon pinansin at bagkus ay tinangka niyang habulin ang naudlot na pagtulog. Kung importante ang sadya ng kumakatok ay magiging persistent ito. Isa pa, sanay na ang mga kawaksi nila. Hindi maglalakas-loob ang sinuman sa mga ito na gambalain ang kanyang pagtulog lalo't hindi siya nagpapagising.

Nang hindi na siya muling makatulog ay pinagpatung-patong niya ang tatlong unan at sumandal doon. Bahagya niyang inililis ang lace curtain ng kanyang four-poster bed para silipin ang orasan.

“God, forty minutes lang akong naidlip!” Kaya naman pala bahagyang nananakit ang ulo niya. Lalong nawala ang kanyang pag-aantok nang maalala ang dahilan kung bakit hindi siya halos nakatulog.

It was EJ's fault.

No, maybe it was mine.

Siya mismo ang nag-suggest na puwede siyang

parusahan ni EJ sa kahit anong paraang gusto nito. Iyon ay kapag napatunayan ng dating nobyo na niloko niyang muli ito. Ang siste, maaga siyang nabisto na pinaikot lang niya ito para mapapayag sa deal na ang totoo ay sina Kim at Annie, na mga kaibigang matalik ng bride, ang personal na nag-organize. Back-up lang talaga ang mga tauhan ng *Elegancia* sa pag-aayos sa kasal nina Renzo at Aliw.

Hindi talaga inaasahan ni Chesca na maiinit na halik ang igagawad na parusa ni EJ. At lalong hindi niya inaasahan ang naging tugon ng sariling katawan. Inayos niyang muli ang mga unan at prenteng nahiga yakap ang isa.

Bago pa man niya mabalikan sa gunita ang halik na hindi nagpatulog sa kanya ay bumukas na ang pinto ng silid. Kahit hindi niya tingnan kung sino ang pumasok ay alam niyang ang mommy niya iyon. Ito lang ang taong authorized para umistorbo sa kanya.

“Aren’t you going to Renzo’s wedding, Chesca?”

Nagkunwari siyang tulog. Wala siyang balak um-attend pagkatapos ng namagitan sa kanila ni EJ kaninang madaling araw. Kung kailangan ay lahat ng tauhan niya ay papupuntahin niya roon, huwag lang siyang dumalo.

Kinuha ng mommy niya ang yakap niyang unan. “Sinasabi ko na nga ba at hindi ka naman totoong tulog,” naiiling na sabi nito nang makitang mulat na mulat siya. “Bakit ka nag-lock ng pinto? Hindi ka tuloy magising ni Manang. Kanina pa nariyan ang loyal mong assistant. Should I send her in?”

“No, Mom. Please, don’t. I have a terrible headache. Pakisabi na lang na dumeretso na si Leiden d’un sa venue. Umuwi na lang siya pag tapos na.”

“All right, Dear. Take a rest.” Masuyo pa siya nitong kinintalan ng halik sa pisngi bago ibinalik sa kanya ang comfort pillow na agad niyang niyakap. “By the way, ano ba ang nakapag-trigger ng insomnia mo ngayon, stress or excitement?”

“Both,” she murmured under the pillow.

Actually, it’s the nerve shattering kiss!

“Baguhin ko kaya ang ayos nitong kuwarto mo? Baka mas makakatulog ka. O gusto mo bang tabihan kita?”

“Ma, naman,” reklamo niya. “Hindi na po ako baby.”

“I know.” Ngumiti ang butihin niyang ina at tuluyang umupo sa gilid ng kama. “The first time na

sinabi mo sa akin 'yan, eh, noong eighteenth birthday mo. Sabi mo pa nga noon nagbabalak na kayong pakasal ni EJ. I was horrified. Imagine, magpapakasal na ang baby ko?" Tumawa ito nang pagak. "Pero ngayon, convinced na akong grown up woman ka na, Tsarevna Francesca Figueroa. But please, huwag mo namang ipagkait sa mommy mo na ituring ka pa ring isang *tsarevna*, okay?"

'Tsarevna' was Russian for 'princess'. Kaya nga isa sa mga endearments ni EJ para sa kanya ay 'princess' or simply *Tsarevna*.

"Bakit mukhang bad mood yata ang princess ko? Ngiti naman d'yan," lambing ni EJ kay Chesca nang maabutan itong nakasimangot. "Ano ba ang cause ng pagsimangot mo?"

"EJ, galit yata sa akin ang mga cousins mo. Sabihin mo nga sa akin ang totoo, ako ba talaga ang dahilan kaya natalo ka sa SK election?"

Sa halip na sumagot agad ay pinagtawanan lang ni EJ ang tanong ng kasintahan.

"Huwag kang maniwala d'un. Naiinggit lang ang mga 'yon sa 'yo dahil mas maganda ka sa kanila."

“Hindi. Feeling prinsesa daw kasi ako at napakaarte.”

“Prinsesa ka naman talaga. It’s even in your name. Tsarevna. Look, natalo ako dahil hindi ako ibinoto ng nakararami. Hindi nila ako ibinoto dahil sa tingin nila ay may mas nakahihigit sa kakayanan ko at hindi dahil may maarte akong girlfriend. Claro?”

Tumango si Chesca at malambing na yumakap sa nobyo. “Thanks, EJ. I love you.”

“I love you, too, my lovely tsarevna.”

Muling napag-isa si Chesca sa silid nang lumabas ang ina. Dito sa bahay nila, she was treated like royalty. Kaya tuloy hanggang sa labas ay dala-dala niya ang nakasanayang pagtrato sa kanya. Ang masama, snobbish at brat ang tingin sa kanya ng marami. Pero hindi niya intensyon na magmukhang makasarili. Hindi naman siya nagde-demand ng best, kusa iyong ibinibigay sa kanya kaya hindi na niya kasalanan iyon.

Naniniwala siyang hindi masama ang ugali niya sa kapwa. Sadya lang may mga taong nangingilag sa kanya dahil sabi nga, hindi pang-masa ang peg niya. Ang pagkaprinsesa niya ay hanggang sa pangalan

at sa bahay lang. She would never be the crowd's darling, or princess. And she would never be EJ's princess, not anymore.

Marami nang nagbago kay EJ—sa pananalita, sa pananamit, sa dating—siguro dahil abogado na ito. Maging ang mga pinaniniwalaan nitong views and principles ay ibang-iba na rin. May bagay lang na hindi nagbago rito—the way he touched and kissed her. Wait, naiinis siyang isipin na masarap talaga itong humalik.

Naramdaman niyang ito pa rin ang lalaking pinag-alayan niya noon ng sarili. Nadama niya iyon kagabi noong halikan siya ng binata. It was supposed to be a punishment, but to her shame, she responded like she was longing for it. Lalo na't si Stephen ang kausap niya bago siya inakit-akit ni EJ.

“Nakakahiya ang inasal mo, Chesca!” kastigo niya sa sarili.

Namilog ang mga mata ni Chesca sa ginawa ni EJ. Sinadya siya nitong hapitin para magkadikit ang kanilang mga katawan. Gusto niyang magprotesta pero ayaw sumunod ng katawan niya. Tila may nakakakiliting boltahe ng kuryente mula sa binata na

dumaloy patungo sa kanya.

She was terrified to discover that EJ still had that kind of power over her.

Noon, kapag ganito na ang level ng panunuyo ni EJ, they would definitely end up in bed. And the thought alone sent shivers down her spine. Her body tingled with excitement as his male torso pressed against the softness of her breasts. She looked at his eyes to tell him to stop but all she could feel was the burning desire that perhaps matched her own.

Walang bisa ang lakas niya laban dito gaano man siya manlaban. EJ wrapped his strong arms around her waist, rendering her immobile. Nasa likod ng ulo niya ang isang kamay nito.

Anger was in his eyes, but desire was there as well. EJ said it was to punish her. Kung gan'un, bakit niya iyon nagugustuhan? Masokista ba siya?

“Let me go, EJ, please. I’m so sorry. Nagawa ko lang naman naman ‘yon dahil—”

“Too late for your excuses. No one is above the law, my sweet princess. Ang bawat pagkakasala ay may katapat na kaparusahan. At nag-offer ka na parusahan kita kung paano ko gusto. So feel my wrath, Tsarevna...”

The Princess's Redemption - Alexie Aragon

She lost her wish to fight back when their eyes met and locked for a moment. The soulful gaze of her ex-lover, the man she once loved, was all she could see. At gusto niyang isipin na nasalamin niya roon ang nararamdaman ni EJ para sa kanya noon. So she closed her eyes then to cherish him one last time...

His lips sent ripples of pleasure through her body. Halos hindi siya makahinga sa higpit ng yakap at sa intensidad ng halik nito. She arched her back when his lips moved to the side of her neck. Lalo nitong hinapit ang kanyang katawan. She shivered when she became aware of his bulging manhood.

Itinulak niya palayo si EJ dala ng kabiglaan. Pero hindi ito pumayag. He pressed her against the wall and kissed her lips again. And she couldn't help responding with equal passion.

God, she missed her ex-lover so much!

Parang nangangarap na itinuloy niya ang paglalaro ng matamis na alaala sa kanyang isip. Nabulabog ang pantasya niya sa sunud-sunod na pagkatok sa pinto.

Sinong herodes kaya iyon na walang habas kung makatuktok? May bago kaya silang kasambahay na

hindi nakakaalam ng numero uno niyang house rule na bawal siyang istorbohin?

“Come in!” asik ni Chesca, hindi man lang umayos ng puwesto sa kama.

Mabibigat na yabag ang narinig niyang pumasok. Ibig sabihin, lalaki ang intruder niya. Pero kilala niya ang yabag ng papa niya at maging ng Kuya Gerard niya...

“And why are you still in bed?” maawtoridad na sita ng baritonong boses na narinig niya.

Agad siyang napabalikwas.

Alam kaya ni EJ na ito ang laman ng isip niya kaya ito naparito?

“EJ! Ano’ng ginagawa mo dito? Sino’ng nagpapasok sa ’yo sa kuwarto ko?”

“May passes ako galing kay Tita Ophelia. And I’m here to demand your presence at the wedding reception.”

“I’m not feeling well.”

“You look *well* enough to me, Chesca. Kulang ka lang sa tulog but I can see that you are fine.” Inililis ni EJ ang lace curtain ng kama niya. “Dress up.”

Nang hindi siya kumilos ay nagpatuloy ito.

“*Tsarevna*, may I just remind you that you volunteered to *help* me with my candidacy? After the wedding, may caucus ang *Team Cervantes* at technically dapat kasama ka doon dahil pag-uusapan ang direct participation mo sa kampanya. Pagkatapos, may mga taong dapat mong makaharap bilang representative ng team ko.”

“What?” She was flabbergasted. “Natuloy ba ang deal natin?” Hindi yata niya matandaan.

“Ang usapan, kung tatanggapin mo ang job offer, tatanggapin ko ang candidacy support. You did, kaya wala akong choice kundi i-welcome ka sa team. So get up at pangatawanan mo ang offer mo.”

That was not her idea of *support*!

Ang nasa isip niya ay magbibigay lang siya ng financial na tulong, plus occasional appearance sa mga campaign events. Bakit ba hindi niya naisip ang posibilidad na ganito kabigat ang responsibilidad na inaako niya?